# MAGING HANDA SA PAGBAHA

**Makinig ng mabuti sa mga lokal na opisyal at umalis sa mga lugar na binaha. Ang paglubog sa tubig-baha ay maaaring magresulta sa pinsala o kamatayan.**

FEMA

FEMA P-2410/Hulyo 2024

Ang baha ay isang pansamantalang pag-apaw ng tubig sa lupang karaniwang tuyo. Ito ang pinakakaraniwang natural na sakuna sa mundo.

Ang mga Baha . . .

- ay maaaring mangyari saanman sa Estados Unidos at mga teritoryo nito.
- maaaring magresulta mula sa pag-ulan; natunaw ng niyebe; baybayin o tropikal na mga bagyo; pagragasa ng bagyo; at pag-apaw ng mga dam at iba pang sistema ng tubig.
- maaaring mabagal sa loob ng maraming araw o maging napakabilis.
- maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kuryente; maruming inuming tubig; at sirain ang mga tahanan, gusali, at imprastraktura.

## PROTEKTAHAN ANG IYONG SARILI MULA SA BAHA

Mag-sign up para makatanggap ng mga alertong pang-emerhensiya. Sundin ang mga tagubilin ng mga lokal na opisyal.

Bumalik, huwag malunod! Huwag maglakad, lumangoy o magmaneho sa tubig-baha.

Magplanong lumikas AT maghandang sumilong sa isang lugar.

Lumipat sa mas mataas na lupa o mas mataas na palapag upang manatili sa itaas ng tumataas na tubig-baha. Huwag magpa-trap sa basement o attic.

Lumayo sa mga tulay na nasa itaas ng mabilis na umaagos na tubig. Maaaring anurin ng mabilis na umaagos na tubig ang mga tulay nang walang babala.

Bumili ng insurance para sa baha. Hindi saklaw ng mga karaniwang polisa sa insurance ang pagbabaha. Kumuha ng coverage sa baha sa ilalim ng National Flood Insurance Program.

NATIONAL FLOOD INSURANCE PROGRAM®

# PAAN0 MAGIGING LIGTAS
## KAPAG NAGBABANTA ANG BAHA

### Maghanda NGAYON

**Alamin ang uri ng panganib sa baha sa iyong lugar** at isipin ang panganib nito sa iyo sa pagdanas ng mga epekto nito. Bisitahin ang Flood Map Service Center ng FEMA sa https://msc.fema.gov/portal (Mga link sa webpage sa Ingles) para sa iba pang impormasyon.

**Mag-sign up upang makatanggap ng mga alertong pang-emerhensiya at mga abiso** mula sa iyong lokal na tanggapan ng pamamahala ng emerhensiya. Alamin ang ibig sabihin ng mga karaniwang alerto at babala bago ka maapektuhan ng baha.

**Bumili ng insurance para sa baha.** Hindi saklaw ng mga karaniwang polisa sa insurance ang pagbaha. Kumuha ng coverage sa baha sa ilalim ng National Flood Insurance Program.

NATIONAL FLOOD INSURANCE PROGRAM®

**Magplano ng komunikasyon upang panatilihin ang koneksiyon** sa pamilya, mga kaibigan at kapitbahay habang may baha at pagkatapos nito. Magplanong mag-text o mag-message dahil maaaring hindi ka makakatawag o matatawagan sa telepono.

**Bumuo ng plano sa paglikas.** Pag-isipan kung saan ka pupunta at kung paano ka makakarating doon. Sanayin ang ruta mo ng paglikas.

**Maging handang sumilong sa isang lugar.** Hindi laging posible ang paglikas o pinakaligtas na opsyon.

**Magtipon ng sapat na pagkain, tubig at mga pang-emerhensiyang supply** para tumagal ng ilang araw. Isipin ang mga pangangailangan ng lahat, kabilang ang mga gamot. Kumuha ng ekstrang baterya at charger para sa mga mobile device.

**Itago ang mahahalagang dokumento sa isang tuyo at ligtas na lugar** gaya ng fireproof, lalagyang waterproof at gumawa ng mga digital na kopyang protektado ng password.

**Protektahan ang iyong ari-arian.** Ilipat ang mahahalagang bagay sa mas mataas na lebel. Itaas ang mga kritikal na utility. Mag-install ng back valve at de-bateryang panipsip ng tubig. Linisin ang mga alulod at kanal. Gumamit ng mga sandbag upang harangan ang baha.

### Makaligtas HABANG

**Makinig sa mga ulat ng panahon at mga lokal na update sa balita** at manatiling alerto sa mga palatandaan ng biglaang pagbaha. Sundin ang mga tagubilin sa lahat ng notification ng alertong pang-emerhensiya.

**Lumikas kaagad kapag sinabihan.** Huwag maliitin ang banta ng pagbaha sa hindi paglikas kapag ligtas na gawin ito. Dalhin mga mahahalagang supply at dokumento kapag lumikas ka.

**Lumipat sa mas mataas na lugar o sa pinakamataas na lebel ng isang gusali** upang maiwasang ma-trap ng tumataas na tubig baha ngunit huwag umakyat sa saradong attic.

**Huwag subukang tumawid sa tubig-baha.** Maaaring magdulot ng panganib sa pagkalunod ang tubig-baha — kahit may kakayahan kang lumangoy.

**Huwag magmaneho sa tubig baha.** Hindi palaging halata ang lalim ng tubig at kayang tangayin ng kahit isang talampakang umaagos na tubig ang isang sasakyan — kahit pa isang sports utility vehicle — lumayo sa kalsada.

**Huwag magmaneho sa mga kalsada sa underground o sa mga lagusan kapag may baha.**

**Huwag magmaneho sa paligid ng mga harang sa baha sa kalsada.** Maaaring nasira ng tubig-baha ang kalsada o hindi na ito ligtas.

### Maging Ligtas PAGKATAPOS

**Pagkatapos ng paglikas, bumalik lamang sa iyong tahanan kapag sinabi ng mga lokal na opisyal na ligtas nang bumalik.** Makinig mabuti at sundin ang patnubay ng mga lokal na opisyal.

**Huwag ipagpalagay na ang inuming tubig ay ligtas** gamitin o inumin pagkatapos ng baha. Tingnan sa inyong lokal na departamento ng kalusugan.

**Lumayo sa tubig baha.** Maaaring may mga panganib pa ito, tulad ng mga matutulis na bagay, naputol na mga linya ng kuryente, dumi sa alkantarilya, bakterya, mga kemikal, mga insektong may sakit at mga ligaw na hayop.

**Mag-ingat sa paglabas** pagkatapos ng baha. Maging alerto sa mga natumba o hindi matatag na puno, mga poste ng utility at mga linya ng kuryente.

**Huwag hawakan ang mga de-kuryenteng kagamitan** kung ito ay basa o kung nakatayo ka sa tubig.

**Gamitin lamang sa labas ang mga generator at kasangkapang ginagamitan ng gasolina** at dapat hindi bababa sa 20 talampakan ang layo mula sa mga bukas na bahagi ng gusali tulad ng mga bintana, pinto o garahe upang maiwasang malason sa carbon monoxide.

**Bago linisin ang mga debris o kumpunihin ang ari-arian na nasira ng baha,** mag-hire ng isang kwalipikadong flood adjuster. Magsuot ng protective gear kapag naglilinis ka ng mga debris ng baha.

**Idokumento ang anumang pinsala sa ari-arian** kasama ang mga larawan. Makipag-ugnayan sa iyong insurer sa baha upang maghain ng claim sa insurance para sa baha. Magrehistro sa FEMA para sa karagdagang tulong.

### Umako ng Aktibong Tungkulin sa Kaligtasan Mo

Bisitahin ang **Ready.gov/tl/floods** at gamitin ang **Gabay Para sa Mga Alerto at Babala** ng FEMA sa https://go.dhs.gov/3nN (Mga link sa webpage sa Ingles) upang malaman pa ang tungkol sa mga babala at abiso sa pagbaha. I-download ang libreng **FEMA app** upang makakuha pa ng mga impormasyon tungkol sa kung paano maghanda.

FEMA

FEMA P-2410